Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

10 Disyembre 2017 | Ika-2 Linggo ng Adbiyento | Taon B

PAMBANSANG LINGGO NG ANTI-HUMAN TRAFFICKING

MAGHANDA PARA SA PAGDATING NG PANGINOON

Kapag tayo ay nagdurusa, tumatawag tayo sa Diyos at hinihiling nating "ipakita Niya ang Kanyang pag-ibig at iligtas tayo sa mga tiisin."

Gayon din ang panalangin ng Israel, lalo na sa tagal ng Pagkakapatapon. Ngunit para maganap iyon, sinabi sa kanila ng propetang si Isaias na kailangan nilang "ipaghanda ang Panginoon ng daan sa ilang; isang patag at matuwid na lansangan para sa ating Diyos" (Isa 40:3).

Ang parehong panawagan sa pagsisisi at pagbabalik-loob ay ginawa ni Juan Bautista sa buong bayang Israel nang sumapit ang pagsusugo ng Diyos sa ipinangakong Mesiyas.

Ang ganitong panawagan ng Propeta ay sumasaklaw sa lahat ng panahon magpahanggang ngayon. *Tayo man ay nangangailangan ng tulong ng Diyos at pagpapatawad.* ***Ngunit upang matamo ito, kailangan nating gawin ang nararapat – dapat tayong bumalik sa Kanya.***

Ngayong ikalawang Linggo ng Disyembre, ipinagdiriwang natin ang Linggo ng "Anti-Human Trafficking." Sa ating mundo, may mga pang-aalipin pa ring nangyayari sa ating modernong panahon. Ang mga kababaihan, kalalakihan, at kabataan ay sapilitang ginagamit sa mga gawaing yumuyurak sa karangalan ng tao tulad ng "forced labor" at "sexual exploitation." Ngayong araw, iniaalay natin ang lahat ng Misa sa Pilipinas para sa mga biktima ng "human trafficking" sa buong mundo. Ating ipagdasal at sikaping sugpuin ang krimen ng "human trafficking."

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sambayanan ng Maykapal, narito ang hinihintay: Poong sasagip sa tanan; tinig n'ya'y mapapakinggan, ang hatid n'ya'y kagalakan.

Pagbati

P **–**Ang biyaya at kapayapaan ng Diyos Ama at ng Panginoong Hesukristo ay sumainyong lahat.
B**– At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P **–**Sa pagpapatuloy natin sa banal na paglalakbay ngayong panahon ng Adbiyento, buong pananalig nating hilingin ang kapatawaran ng Panginoon, sapagkat siya'y puspos ng habag. *(Manahimik saglit.)*

P **–**Para sa mga pagpapabaya naming tahakin ang matuwid na landas ng Ebanghelyo, Panginoon, kaawaan mo kami!
B **–Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–**Para sa pagpapairal namin sa kapalaluan at kapusukan sa aming buhay, Kristo, kaawaan mo kami!
B **–Kristo, kaawaan mo kami!**

P **–**Para sa aming pagiging sanhi ng pagdurusa ng aming kapwa sa halip ng pagiging tagapagtaguyod ng kapayapaan at kagalakan, Panginoon, kaawaan mo kami!
B **–Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B **–Amen!**

Panalanging Pambungad

P **–**Ama naming makapangyarihan at maawain, sa aming pagsalubong sa iyong Anak huwag mong ipahintulot na maging hadlang ang aming mga pinagkakaabalahan. Turuan nawa kami ng kanyang karunungan upang kami ay kanyang makapiling kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **–Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa *Isa 40:1-5.9-11*

Gumuho ang Jerusalem at karamihan sa mga mamamayan nito ay ginawang alipin sa Babilonia at malabo nang makabalik pa. Sa Lunsod at mga mamamayan nito, isang propetang kilala sa tawag na Pangalawang Isaias ay nagpahayag ng mensaheng pampasigla: minsan pa silang kakalingain ng Panginoon "tulad ng pastol na nagpapakain sa kanyang kawan."

L **–**Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

"Aliwin ninyo ang aking bayan," sabi ng Diyos. "Aliwin ninyo sila." Inyong ibalita sa bayang Jerusalem, na hinango ko na sila sa pagka-alipin; pagka't nagbayad na sila nang ibayo sa pagkakasalang ginawa sa akin.

May tinig na sumisigaw:

"Ipaghanda ang Panginoon ng daan sa ilang; isang patag at matuwid na lansangan para sa ating Diyos.

Tambakan ang mga lambak, patagin ang mga burol at bundok at pantayin ang mga baku-bakong daan.

Mahahayag ang kaningningan ng Panginoon at makikita ng lahat. Siya mismo ang nagsabi nito."

"At ikaw, O Jerusalem, mabuting balita ay iyong ihayag; ikaw, Sion, umakyat ka sa tuktok ng bundok. Ikaw ay sumigaw, huwag kang masisindak. Sabihin sa Juda, 'Narito ang iyong Diyos!' Dumarating ang Panginoong Makapangyarihan taglay ang gantimpala sa mga hinirang; at tulad ng pastol, yaong kawan niya ay kakalingain, sa sariling bisig yaong mga tupa'y kanyang titipunin; sa kanyang kandungan ay pagyayamanin, at papatnubayan ang tupang may supling."

Ang Salita ng Diyos!

B **– Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan *Awit 84*

B –Pag-ibig mo'y ipakita, iligtas kami sa dusa!

R. M. Velez





*** Aking naririnig magmula sa Poon ang sinasalita; sinasabi niyang ang mga lingkod n'ya'y magiging payapa, kung mangagsisisi at di na babalik sa gawang masama. Ang nagpaparangal sa pangalan niya'y kanyang ililigtas, sa ating lupain ay mananatili ang kanyang paglingap.** ***B.***

*** Ang pagtatapatan at pag-iibiga'y magdadaup-palad, ang kapayapaan at ang katwira'y magsasamang ganap. Sa balat ng lupa'y pawang maghahari yaong pagtatapat, at ang katarungan nama'y maghahari mula sa itaas.** ***B.***

*** Gagawing maunlad ng Panginoong Diyos itong ating buhay, ang mga halaman sa ating lupai'y bubungang mainam; sa harapan niya yaong maghahari'y pawang katarungan, magiging payapa't susunod ang madla sa kanyang daan.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa *2 Ped3:8-14*

Marami sa mga unang henerasyong Kristiyano ay nanlumo nang di dumating ang Panginoon sa kaluwalhatiang gaya ng kanilang inaasahan. Ang siping maririnig ay nagpapaliwanag sa kanila at sa atin man ng dahilan ng gayong tila "pagkaantala" at kung paanong dapat gamitin ang panahong namamagitan.

L **–**Pagpapahayag mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pedro

Huwag ninyong kalilimutan ito, mga pinakamamahal: Sa Panginoon, ang isang araw ay sanlibong taon, at ang sanlibong taon ay isang araw lamang. Ang Panginoon ay hindi nagpapabaya sa kanyang pangako tulad ng inaakala ng ilan. Hindi pa niya tinutupad ang pangakong iyon alang-alang sa inyo. Binibigyan niya ng pagkakataon ang lahat na makapagsisi at magbalik-loob sa Diyos, sapagkat hindi niya nais na kayo'y mapahamak.

Ngunit ang Araw ng Panginoon ay darating na tulad ng isang magnanakaw. Sa araw na yaon, ang kalangitan ay biglang mapaparam na may nakapangingilabot na ugong. Matutupok ang araw, buwan, at mga bituin, at ang lahat sa lupa ay malalantad. Yamang ganito ang magiging wakas ng lahat ng bagay, italaga na ninyo sa kanya ang inyong sarili at mamuhay nang ayon sa kanyang kalooban samantalang hinihintay ninyo ang Araw ng Diyos. Magsikap kayong mabuti upang madali ang pagdating ng Araw na iyon – araw ng pagkatupok ng kalangitan at pagkatunaw sa matinding init ng mga bagay na naroon. Ngunit ayon sa pangako ng Diyos, naghihintay tayo ng mga bagong langit at ng bagong lupa na pinaghaharian ng katarungan.

Kaya nga, mga minamahal, samantalang kayo'y naghihintay, sikapin ninyong mamuhay na payapa, walang dungis at kapintasan.

Ang Salita ng Diyos!

B **– Salamat sa Diyos!**

Aleluya *Lu 3:4.6*

B **–Aleluya! Aleluya!**
Daan ng Poong nar'yan na,
t'wiri't ihanda sa kanya.
Pagtubos n'ya'y makikita.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mc 1:1-8*

Akala ng mga Hudyo ang Mesiyas ay ipahahayag ng isang "tagapanguna." Kinikilala ni San Marcos, tulad ng iba pang Ebanghelista, na ang ganitong tagapanguna'y si Juan Bautista, ang tumupad sa propesiyang taglay sa unang bahagi ng Unang Pagbasa para ngayon.

P **–**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B **–Papuri sa iyo, Panginoon!**

Ito ang Mabuting Balita tungkol kay Hesukristo na Anak ng Diyos. Nagsimula ito noong matupad ang hula ni Propeta Isaias:

"Narito ang sugo ko na aking ipadadalang mauuna sa iyo, ihahanda niya ang iyong daraanan." Ito ang sabi ng isang sumisigaw sa ilang: 'Ihanda ninyo ang daraanan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang kanyang mga landas!' "

At dumating nga sa ilang si Juan, nagbibinyag at nangangaral. Sinabi niya sa mga tao, "Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan, at pabinyag kayo upang kayo'y patawarin ng Diyos." Halos lahat ng taga-Judea at taga-Jerusalem ay pumunta kay Juan upang makinig. Ipinahayag nila ang kanilang mga kasalanan at sila'y bininyagan niya sa Ilog Jordan.

Hinabing balahibo ng kamelyo

ang damit ni Juan at balat ang kanyang pamigkis. Ang kanya namang pagkai'y balang at pulut-pukyutan. Lagi niyang sinasabi sa kanyang pangangaral, "Darating na kasunod ko ang isang makapangyarihan kaysa akin: ni hindi ako karapat-dapat magkalag ng tali ng kanyang mga panyapak. Binibinyagan ko kayo sa tubig, ngunit bibinyagan niya kayo sa Espiritu Santo."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B **–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P– Sa pagpapatuloy nating ihanda ang ating mga puso sa pagtanggap sa Panginoon, hilingin natin ang tulong ng kanyang biyaya, habang idinadalangin nating:

B **–Halina, Panginoong Hesus, kailangan ka namin!**

* Para sa buong Simbahan: Nawa siya'y kilalaning tagapaghatid ng mabuting balita sa mundong pinahihirapan ng kapusukan, kawalan ng katarungan, pagkakahati-hati, at karahasan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa, ating Obispo, at ibang pinunong espirituwal: Sa pagtulad kay Juan Bautista, nawa huwag silang magsawang manawagan sa sangkatauhan para sa pagbabalik-loob. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa sangkatauhan: Nawa aminin ng lahat ng taong kay Hesus lamang sila makatatagpo ng kahulugan, pagkakasundo, at katuparan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng nahihirapang umiwas sa bisyo: Nawa lubos silang manalig sa habag ng Diyos, samantalang nagsisikap na sumunod sa Kanyang mga utos. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga biktima ng human trafficking: Magkaroon nawa sila ng pag-asa at inspirasyon sa buhay ni Santa Josefina Bakhita na naging isang biktima tulad nila subalit nakakita ng kagalingan at bagong buhay kay Hesus. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating lahat: Tulad ng pakiusap ni Papa Francisco, huwag sana tayong umiwas kundi tayo'y maging mapagkalinga at makibahagi sa paglaban sa human trafficking at lahat ng uri ng pananamantala at pang-aabuso. Manalangin tayo! ***B***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. *(Manahimik saglit.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P– Panginoong Hesus, ikaw ang bukal ng aming pag-asa at kaligtasan. Palayain mo ang aming mga puso sa bawat masamang simbuyo at ipagkaloob mo sa amin ang kagalakan ng iyong pananahan sa amin. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

B **–Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P– Manalangin kayo. . .

B– **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P– Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang aming mga panalangin at alay. Sa anumang kakulangan ng aming abang nakayanan nawa'y ang pag-ibig mo ang magbigay-kapupunan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **– Amen!**

Prepasyo ng Adbiyento I

P– Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya'y isinugo mo upang matupad ang iyong magandang balak para sa lahat. Hindi niya ikinahiyang mamuhay nang mahirap upang mapakisamahan niya kaming matapat. Siya'y naging hindi na iba sa amin upang maitampok niya kami sa iyong piling. Sa kanyang lantarang muling pagdating ang pakikisama niya'y puspusang magniningning at ang pangako niyang kapanapanabik ay inaasahan naming lubos na makakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B **– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

B **– Ama namin . . .**

P– Hinihiling namin . . .

B **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B **– Kordero ng Diyos na nag-aalis**

ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B **– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Lunsod ng kapayapaan, tumayo ka at magdiwang. Narito ang kagalakang lumalapit sa 'yong tunay nanggagaling sa Maykapal.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa iyong banal na salu-salo ay turuan mong kumilala sa layunin ng iyong mga nilikhang bagay na dapat naming gamitin upang kami ay sumapit sa iyong piling sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **– Amen!**

PAGWAWAKAS

P –Sumainyo ang Panginoon.
B **–At sumaiyo rin!**

P –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Tumahimik sandali.)* Pagyamanin Niya nawa ang Adbiyentong ito sa mga gawang mapagmahal at mahabagin para sa inyo at lahat ng mahal ninyo.
B **–Amen!**

P –Gawin Niya nawa kayong tagapaghatid ng mabuting balita sa lahat ninyong makatagpo ngayon.
B **–Amen!**

P –Malasap nawa ninyo ang kasiyahan ng Diyos sa buong buhay ninyo.
B **–Amen!**

P –Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
B **–Amen!**

P –Tapos na ang ating pagdiriwang ng Eukaristiya. Humayo kayo at baunin ang mga bunga nito sa inyong buhay.
B **–Salamat sa Diyos!**

makinig. kapanalig. Veritas846 RADYO TOTOO The Catholic Radio
veritas846kapanalig www.veritas846.ph @kapanalig

Ihanda Natin ang Daan

Kapag nagdurusa ang tao, nakikiusap siya sa Diyos na siya'y kahabagan at iligtas. Gayon ang tuwinang gawa ng bayang Israel, lalo na sa mahabang panahon ng pagkakapatapon sa kanila at pagpapahirap ng kanilang mga kalaban. Pinaalalahanan sila ni Propeta Isaias na hindi pababayaan ng Diyos ang bayan Niyang naghihirap at nagsisisi. Kahahabagan at pagmamalasakitan sila ng Panginoon, tulad ng gawi ng mabuting pastol sa kanyang kawan. *(Sangguniin Isa 40:11.)*

Ipalalasap sa kanila ng mapagpatawad na pag-ibig ng Panginoon ang muling pagsilang pagkatapos ng matagal na pagkakapatapon sa kanila. Ngunit ito'y kung tutupdin nila ang kanilang kaparte – ang tuwirin ang daraanan ng kanilang Panginoon *(Isa 40:3).*

Ganito rin ang pahayag ni Juan Bautista sa buong bayang Israel. Sa pagtupad sa matatandang pangako, pinakitaan ng Panginoon ng pagmamahal ang Kanyang bayan at handa rin siyang magpakita ng Kanyang habag na higit pa sa mga naunang pagpapakita.

Maaaring akalain ng mga taong *nababalam ang pagdating ng Panginoon* – naaantala sa pagtupad sa Kanyang pangakong kaligtasan. Ayon kay San Pedro sa Ikalawang Pagbasa ngayon, di nakalilimot ang Diyos sa Kanyang mga pangako, ni umuurong sa mga ito. Nasa tama pa ring panahon ang lahat. Sa halip na alalahanin ang *pagkaantala* ng Diyos, ang marapat ay alamin kung may kulang pa sa ating paghahanda para sa "dakila nating pakikipagtagpo." May mahalagang bagay na maaari nating napabayaan o di-gaanong mahusay na nagawa. "Mapagpasiyensiya ang Diyos sa inyo," paliwanag ni Pedro, at di Niya nais masawi ang sinuman, kundi magbalik-loob nawa ang lahat. *(Sangguniin ang Ikalawang Pagbasa, t.9.)*

Para sa Diyos, nananatili pa rin ang pangako: ang pangako ng *bagong langit at bagong mundong pinaninirahan ng mga matuwid (t.13).* Ngunit para matupad ang gayong pangako, kailangan ang ating pakikipagtulungan, na dili iba't ***pagsisisi!***

Nangangahulugan itong ang mga tao ay dapat magbalik-loob sa Diyos at maghandang makipagtagpo sa Kanya sa matinik na landas ng ***tapat na pagbabagong-buhay.***

Tayo man ay may pangangailangan sa Diyos at Kanyang pagpapatawad. Tayo man ay nananabik sa liwanag ng Kanyang masuyong mukha. Madarama lamang natin ang Kanyang presensiya sa pamamagitan ng matuwid na pamumuhay at pagsisisi sa ating mga kasalanan. At magtatagpo na rin ang kabaitan at katotohanan, gayundin ang katarungan at kapayapaan. Sa gayon, ang Tagapagligtas at ang iniligtas ay magdiriwang sa pagtatagpo ng kanilang pagmamahalan.

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua